

# Pamimili ng junk, scrap niregulahan

SA sesyon ng Sangguniang Panlalawigan kamakailan na pinangunahan ni Bise-Gobernador at SP Presiding Officer Maria Estela Felipa M. Aseron, kabilang sa mga kapasiyahang inaprubahan ang mga may kaugnayan sa mga pambayang ordinansa ng Pola at Bulalacao.

Batay sa Committee Report No. 027-2009 ng Committee on Laws, Ordinances and Legal Matters na pinamumunuan ni Bokal Ferdinand Thomas Soller at inilat ni Bokal Abraham Abas bilang vice-chairman ng komite, **(Sundan sa Pahina 3)**

## 'Balik-Mindoro '09' matagumpay naidaos

SA kabila ng matinding pandaigdigang krisis sa kabuhayan, partikular sa America, matagumpay na naidaos ang "Balik Mindoro 2009."

Kauna-unahan sa kasaysayan ng Oriental Mindoro, ang Balik Mindoro ay inilunsad ng Pamahalaang Panlalawigan upang hikayating magbalik-bayan ang mga Mindoreñong naninirahan at nagtatrabaho sa ibang bansa at maging sa ibang lugar.

Noong Pebrero 20, dumating ang may 78 balik-Mindoreños sa lalawigan.

Pagbaba sa barko sa Calapan City pier, isang masayang pagsalubong ang tumambad sa kanila. Sa masiglang pagtugtog ng banda ng Adriatico Memorial School ,

**(Sundan sa Pahina 4)**



KAUSAP ni Gov. Arnan ang ilang kababaihang kabilang sa "Balik-Mindoro '09"



**PUP 19TH ANNIVERSARY.** Vice President Noli 'Kabayan' De Castro vows support for open education and distance learning. Speaking during the recent 19th founding anniversary of the Polytechnic University of the Philippines' (PUP) Open Education. He assured PUP that he will support its plan to provide higher priority for open education and distance learning in the coming budget cycles. With the Vice President on stage are (img PUP2, from right) PUP President Dr. Dante Guevarra and other school officials. s

OVP photo by Egay Montana

# 6,000 given jobs in Mimaropa

Ako, panay kayod lang



SOME 6,000 people in the Mimaropa-Region 4 were provided jobs under the government's Comprehensive Livelihood and Emergency Employment Program.

Vice-President Noli de Castro recently reported the creation of jobs for people in the **Mimaropa** Region to alleviate the effects of the global financial crisis.

During the Regional Development Council meeting last week, De Castro, who is the Cabinet Officer for Regional Development (**Cord**) for **Mimaropa**, reported that at least 6,000 individuals in the region have been provided jobs.

The program is being

**(Turn to Page 3)**



**JOB CREATION IN MIMAROPA.** Vice President Noli "Kabayan" De Castro discusses the creation of jobs for people in the **Mimaropa** Region that would cushion the impact of the global financial crisis. During the Regional Development Council meeting last week, De Castro, who is the Cabinet Officer for Regional Development (**Cord**) for **Mimaropa**, reported that at least 6,000 individuals in the region have been provided jobs through the Comprehensive Livelihood and Emergency Employment Program launched by President Gloria Macapagal Arroyo in October last year. With the Vice President are NEDA IV-B Director Oskar D. Balbastro, Occidental Mindoro Governor Josephine Ramirez, Office of the Presidential Adviser for New Government Center (**Opangce**) Assistant Secretary Reynaldo Almario and Oriental Mindoro Governor Arnan C. Panaligan.

## Sudoku Tricks

	2	7		6			8	1
8							7	
				9				4
	4		2	9				
	7		4		8		2	
				5	7		4	
1			9					
	3							8
5	6			7		1	3	

SAGOT SA PAHINA 2  
"Entered as Second Class Mail Matter" at the Calapan Post Office, Oriental Mindoro on February 27, 2008.

## Produksiyon ng mangga, pinagtutuunan

**(Nasa Pahina 3)**



MAY kalayaang gawin ang gusto mo... sana ganito palagi, iyong walang magsasabi sa iyo kung ano dapat at di dapat gawin.

Ang sarap! Nandyang si Nanay at Tatay na wala nang ginawa kundi magpaala-ala mula pagkagising sa umaga hanggang sa pagtulog sa gabi.

Paglabas mo papuntang paaralan o trabaho, nandyang naman ang guro o ang boss na palaging nakabantay at walang ginawa kundi mag-utos.

Kahit sa napaka-relax sanang araw ng pamamasyal, bawal umihi dito, bawal umihi doon!

Pero alam ba ninyong nakakalusot din?

Sa tutoo lang, marami na akong ginagawang mga kapalpakan na walang nakakaalam. O kung may nakakaalam man, walang

magsusumbong dahil ginagawa rin nila.

At ang maganda nito, ay mga panahong nararamdaman ko, nagsasawa na rin si Nanay at Tatay.. Ganun din si boss na pikit mata na lang kung minsan kahit na, kagaya ng marami niyang empleyado, patagong nagko-cross-stitch o nakikipagtsismisan kahit di pa break time.

Nagsasawa si Nanay at tatay. Sawa na rin ang kinauukulan. Wala nang disiplinang. Wala nang kaayusan.

Di kaya ito rin ang kasalukuyang kalalagayan ng ating bayan? Di kaya ito rin ang kasalukuyang kalalagayan ng personal nating buhay? Di kaya manhid na rin tayo sa mga paggawa ng masama kagaya

## Hagupit ng pagbabago



Ni Fr. Bar Fabella, SVD

### Sa Maikling Salita

ng pangdaraya, pangnana, pagkasamantala sa kapwa, atbp.?

Nagalit si Hesus sa mga sumalalula sa Templo ng kanyang Ama. Nagalit siya sa pagiging manhid ng mga mangangalakal sa kabanalan ng lugar.

Maaaring ito rin ang paraan niya para paalalahanan ang mga namamahala na maaring naging manhid at maaring

may kinalaman na rin sa kalagayan. Gumamit siya ng hagupit para ipagtabuyan sila.

Ang hagupit ay isang simbolo ng karahasan. Ito ay upang ipakita sa kanila ang tindi ng pangangailangan ng pagbabago sa puso ng mga taong nagsasabing ang kanilang ginagawa ay sa ngalan ng pananampalataya.

Sa panahon ng Kuwaresma, pagbabago ng sarili ang sa atin ay paala-ala. Sa pagiging


manhid sa kasamaan, kinakailangan din ng isang uri ng hagupit upang tayo ay mamulat sa katotohanan. Mahirap magbago.

Sabi nga ng isang awit, "Nais kong bumait, ngunit di ko magawa!" Kaya nga tayo sa ating Simbahan ay may mga parang maari ating ituring na hagupit tungo sa kabanalan. Sakripisyo, kawanggawa, at matinding panalangin... mga bagay na may kahirapan, lalo na sa ating ang inuuna ay sarili bago ang iba.

Mahirap ngunit kinakailangan tungo sa pagbabago. Magbigay ka at magsakripisyo hanggang maramdaman mo ang sakit!

Ano ang pinakamahirap mong maaaring gawin sa kwaresmang ito tungo sa iyong pagbabago mula sa pagiging makasarili?

Para sa anumang komento o rekasyon iparadala sa: [ibarra\\_svd@yahoo.com](mailto:ibarra_svd@yahoo.com)



## Ang daming kakandidato

EWAN kung senyales o epekto na ito ng tumitinding krisis pangkabuhayan sa bansa.

Napakarami ng mga taong gustong kumandidato sa darating na eleksiyon sa 2010. Mga taong walang trabaho o malapit nang mawalan ng trabaho. Lalo na iyong may magagandang puwesto ngayon sa gobyerno at nagkakamal ng salapi. Para hindi maputol ang pagkakamal at/o maprotektahan ang mga kinamal.

Sa amin lang sa ikalawang distrito ng Oriental Mindoro, kung saan kami naglulungga, umaabot daw sa 13 ang gustong maging congressman.

Ito'y kinabibilangan nina deputy Customs Commissioner Rey "RU" Umali, SEC Commissioner Tady Venturanza, Erap's Spokesperson Margaux Salcedo, NAIA general manager Alfonso Cusi former student leader/lawyer Benrome Abao, businessman Anthony Yap, former Congressman Manny Andaya, former Bansud Mayor Dr. Pruding Soller, isa sa Buenaventura brothers, isa sa mga Dimapilis ng Roxas, Col. Edmund Janda at pinag-iisipan din umano ni Mayor Fred Hernandez ng Pinamalayan.

Pag lahat sila'y tumakbo, tiyak na ang manalang ay hindi gusto ng mas nakakaraming Mindoreño.

Sunud-sunod na ang pagbulusok ng presyo ng krudo. pero hindi man lang nagbababa ng pamasaha ang mga barko sa rutang Batangas-Calapan (vice versa) at mga van na pumapasada sa lalawigan ng Oriental Mindoro.

Pag tumataas ang krudo, kay bilis nilang magtaas ng pamasaha.

Wala bang ahensiya ng gobyerno na nagreregula sa mga ito? Bakit wala ni isa man pinuno o mga gustong kumandidato na naninindigan laban dito? Nakapagtataka.

## Count Cusi in congressional derby

AS soon as the impeachment complaint was filed in the House of Representatives against Ombudsman Merceditas Gutierrez, First

Gentleman Mike Arroyo came out openly to defend her, saying "leave her alone, she is just doing her job."

*Nakakarumi ka talaga*

Mike. Where is delicadeza, Mike?

\*\*\*

Retired Military Gen. Jovito Palparan, who earned the monicker the "butcher" while assigned in Oriental Mindoro is again in the lime-light.

It is because just shortly after retiring from the military, he is now with the Philippine Dangerous Drug Enforcement Agency (Pdea). His appointment is a warning to drug users that they might end up dead ang floatng in Pasig River.

It is well to advise drug users to take note, He is not a "butcher" for nothing.

\*\*\*

Here comes retired Vice Admiral Tirso Danga as head of the National Printing Office.

He is the same Danga implicated in the famous (infamous) "Hello Garci" tape controversy in 2005 and in the murder of Navy Ensign Philip Pestanio. The "Hello Garci" scandal refers to the alleged collusion of the President with former election Comelec Commissioner Virgilio Garcellano to protect her votes.

\*\*\*

We have one more personality to include in the list of possible candidates for Congress in the 2nd District of Oriental Mindoro. He is no other than the NAIA

Manager Alfonso "Al" Cusi.

His distant relative from Naujan informed the **Publisher's View** that when they recently met at the airport where he works as "push cart service crew," GM Cusi said "be ready to campaign for me; I might run for Congress in the 2nd District."

He added that "There is nothing certain yet at this point. But I've to run if Mike wants. I can't refuse him."

So include Cusi in the list of probable congressional candidates. And mind you, it will be a "hell of a fight" once he joins the fray.

\*\*\*

We mentioned earlier the names of those who signified their interest for the congressional derby, namely former TV reporter Margaux Salcedo, former student leader/lawyer Benrome Abao, Customs Deputy Commissioner Reynaldo "RU" Umali, Securities and Exchange Commissioner Tady Venturanza and Anthony Yap.

This early presidential aspirants are making the round of the country, very aggressively running TV Ads campaitns. There is Sen. Mar Roxas, Sen. Manny Villar, Sen. Chiz Escudero, Sen. Ping Lacson and Sen. Loren Legarda. Of course there is also Vice-President Noli de Castro.

Why many of them are run-



## Publisher's View

By Mario S. Romero

ning for president? This is sure sign that the anti-Arroyo forces are hopelessly divided. One thing that we know and certain is that the Opposition can't hope to win the coming presidential election unless they are united.

Wake up Gentlemen and Lady!

\*\*\*

We greet our daughter, Raquel, married to Tony Garcia of Dulangan, Baco, who is celebrating her birthday today, March 16.

They will depart from Rome on March 19, arriving in the Philippines on March 20, on time for the graduation from elementary school of Holy Infant Academy of their eldest son, Gabriel Thomas.

Congratulations, too to our apo!

*Meron ka man at hindi sa'yo, humanap ka ng sarili mo.*

*Salawikain*

FOUNDED JANUARY 1969



E-mail: [is.observer@yahoo.com](mailto:is.observer@yahoo.com)  
[tworivers\\_inc@yahoo.com](mailto:tworivers_inc@yahoo.com)

The **Island Observer** is jointly published weekly by the Romero Printing Services in Calapan City and the Or. Mindoro Printing and Publishing at Brgy. G. Amtpmomp. Gloria, Oriental Mindoro.

**Mario S. Romero**  
Founder/Publisher

**Pat Sosa Sigue**  
Editor-in-Chief

**Bren del Rosario**  
Contributing Editor

**Chicklet S. Ramos**  
Features Editor (Singapore)

**Giancarlo S. Garcia**  
Campus Editor (San Beda)

**Raquel Romero Garcia**  
Italy Correspondent

**Peter Palo Sigue**  
Marketing & Promotions

**Patrick Tan Sigue**  
Photo Editor/Layout

**Princeton Tan Sigue**  
Computer Graphics/  
Website Manager

**Tess Sawali**  
Office & Marketing  
Assistant

**Willy Saguid Sigue**  
Production

**Atty. Odel Janda**  
**Atty. Roland Ysrael R. Atienza**  
Legal Counsels

Member: National Press Club (NPC), Kapisanan ng mga Mamamahayag ng Mindoro, Inc. (**Kammi**), Philippine Agricultural Journalists, Inc. (PAJ) and Publishers Association of the Philippines (PAPI).

(Pwede kayong magpadala ng mga reaksiyon, press release, artikulo, katawanaan at iba pang lathalain. I-text sa 09285075699 o e-mail sa [tworivers\\_inc@yahoo.com](mailto:tworivers_inc@yahoo.com) Ilagay ang pangalan kung gustong malathala.



## Produksyon ng mangga pinagtutunan ng Or Mdo

BUKOD sa pagiging rice producer target din ng Oriental Mindoro maging fruit producer.

Pinagtutunan ngayon nga lalawigan ang pagpapaulad ng produksiyon ng mangga.

Ito ang binigyang diin ni Gobernador Arnan nang siya'y maging panauhing pandangal sa general membership meeting ng Oriental Mindoro Association of Mango Growers, Inc. sa Brgy. Bulaklakan sa bayan ng Gloria.

Ayon kay G. Sonny Moncada, pangulo ng asosasyon, lubos ang kanilang pasasalamat sa mga naitulong na ng gobernador sa kanilang samahan. Nawa'y magpatuloy pa aniya ang suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa kanila sapagkat nasa panimulang yugto pa lamang sila ng pagsasaayos ng kanilang grupo. Dalawang taon pa lang na naitatag ang samahan.

Sinabi ng gobernador na hindi na kailangang sumubok pa ng iba pang produkto na pagtuturuan pa natin ang magsasaka. Mula Calapan City hangang Bulalacao, aniya ay maraming taniman ng mangga kaya kabilang na rin ito sa mga produktong inaani ng ating mga magsasaka.

Sa naturang pagpupulong, ipinaabot ng samahan sa gobernador ang kanilang mungkahi hinggil sa pagtatayo ng mango nursery sa lalawigan na anila'y higit pang makatutulong sa pagpapataas ng produksyon.

Hindi lamang isa kundi dalawang nursery ang tinugunan ng gobernador para sa una at ikalawang distrito. Bukod dito, ipagkakaloob din ang dalawang unit ng power sprayer na kahilingan ng asosasyon.

Kinilala ng gobernador ang pagsusumikap ng grupo na mapaunlad ang nabanggit na sub-sector ng agrikultura at aniya'y buo ang suporta sa kanila ng Pamahalaang Panlalawigan.

Dumalo rin nasabing pulong sina Bulaklakan Brgy. Capt. Eleuterio Roldan, Dr. Ernesto Manalo, bise presidente para sa 2<sup>nd</sup> District at Provincial Agriculturist Rodolfo Valdez, bise president para sa 1<sup>st</sup> District

**6,000...**  
**(From Page 1)**  
implemented through various projects such as the roadside maintenance program of the Department of Public Works and Highways and the Upland Development Program of the Department of Environment and Natural Resources.

Under the Grassroots Entrepreneurship and Employment Tourism or **Greet**, two tourism-related livelihood projects were also approved that created jobs for 95 people in Palawan.

De Castro also told the **Mimaropa** governors and other regional department

officials that more projects will be implemented in the coming months to provide safety nets for poor families in the region, especially those affected by the crisis.

At the same time, De Castro challenged the regional government agencies in **Mimaropa** to be more pro-active and work faster in implementing their respective projects in the region.

He called on DPWH to fast-track the repair and improvement of roads along the nautical highway. Noting that **Mimaropa** has a high potential for tourism, he instructed the Department of Tourism to be pro-active and coordinate more closely with the local government executives in identifying and shepherding tourism projects in the region.

De Castro also instructed the Philippine Ports Authority to discuss and resolve with concerned local officials the issues on terminal fees in the Port of Batangas

# Gov't to build over 2,000 kms of farm-to-market roads

THE Department of Agriculture is building starting this month various farm-to-market roads (FMRs) spanning over 2,000 kilometers nationwide that will create an estimated 53,000 jobs, as part of the Arroyo Administration's economic stimulus program designed to help Filipinos weather the global economic slowdown that is expected to worsen this year.

Agriculture Secretary Arthur Yap said that besides creating more jobs, the projects are also expected to benefit over

212,000 farmers in food-producing and hunger-prone areas across the country.

President Arroyo recently ordered the DA and other agencies to frontload labor intensive projects in line with here P330-billion economic resiliency program that is meant to simulate the domestic economy and generate about 1.5 million jobs by mid-year alone.

Yap said that more than half of the total length of these FMRs would be built in Cen-

tral Philippines and the Mindanao Super Region, where major food production sites are located.

The 567,60 kilometers of FMRs to be built in Central Philippines are expected to benefit 56,760 farmers and create 14,490 new jobs, while the 536.94 kilometers of roads in Mindanao will have 53,694 direct farmer-beneficiaries and require 13,424 workers.

The North Luzon Agribusiness Quadrangle, where Yap has been desig-

nated by the President as the development champion, will have 42,080 farmers and generate 10,520 jobs while 366.80 kilometers of FMRs will be conducted in the Metro Luzon Urban Beltway, which include Central Luzon, to help 36,680 farmers and create 9,170 jobs.

Another 230,80 kilometers of FMRs will be constructed to other priority areas identified by the DA which will create 5,770 jobs and benefit 23,080 farmers.

### PAMIMILI... (Buhat sa Pahina 1) inaprubahan ng

SP sa ikatlo at huling pagbasa, ang kapasiyahang nag-aapruba sa Pola Municipal Ordinance No. 08-08 "Ordinance Regulating the Business Operations engaged in buying/trading junk and scrap materials within the Municipality of Pola and Imposing Fines and Penalties for Violations thereof."

Batay sa SP Committee

and with Meralco on the power cut-off in the Lucena Port to improve port services.

Report No. 27-2009, nasasaad sa Republic Act 7160 o ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na may kapangyarihan ang mga lokal na pamahalan na magpasa ng mga ordinansang may kaugnayan sa pagtatakda sa mga singil o taripa sa mga serbisyo o paglilingkod na ipinagkakaloob ng pamahalaang lokal.

Kabilang sa mga layunin ng ordinansa ang maiwasan ang pagkakaroon ng iligal na pamimili o pagbebenta ng mga nakaw na gamit o ari-arian sa nabanggit na bayan. Sa ilalim ng ordinansa, kinakailangan munang kumuha ng permit mula sa

pamahalaang bayan ng Pola ang sinumang indibidwal o negosyante na nagnanais mamili/magbenta ng mga basurang maaari pang pakinabangan.

Samantala, inaprubahan din ang kapasiyahang nag-aapruba sa Bulalacao Municipal Ordinance No. 08-09-087, ang kautusang nagbabawal na magtayo ng permanente at semi-permangenteng istruktura sa mga lugar na sakop ng mga pampublikong lansangan.

Ito ay batay naman sa naging pag-aaral ng Committee on Laws, Ordinances and Legal Matters at ng Committee on Public Works and Infrastructure. Batay sa ulat ng pinagsamang

komite, may kapangyarihan ang mga Sangguniang Bayan na magpasa ng mga ordinansa at kapasiyahang may kaugnayan sa pagsasaayos at pangangasiwa sa paggamit ng mga kalsada, bangketa, mga tulay, liwasan at iba pang mga pampublikong lugar gayundin ang pag-aapruba sa konstruksyon o pagsasaayos ng mga ito.

Nasasaad sa ordinansa mula sa bayan ng Bulalacao na anumang istrukturang matatagpuang lumabag sa nabanggit na ordinansa ay maaaring ipabuwag, tsanggalin o sapilitang pansin ng mga tatapos maging ang liwanag na o tataastis.

### MESSAGE OF THANKS

*We, the family of the late*

**MARIETTA MEDINA-TOLENTINO**

*Who passed away in the Grace of*

*our Lord on February 27, 2009*

*wish to express our heartfelt gratitude*

*and appreciation to those who offered*

*masses and prayers, sent flowers and*

*message of sympathy and who in countless*

*ways, condoled with and comforted us*

*in our hour of bereavement.*

*Husband - Atty. Herminio V. Tolentino  
Children - Nelson and Lucy Norman and  
Rhodora Noel and Nimfa - Hermarie and Jun*

### SAGOT SA SUDOKU

4	2	7	3	6	5	9	8	1
8	9	6	1	4	2	5	7	3
3	5	1	7	8	9	2	6	4
6	4	8	2	9	3	7	1	5
9	7	5	4	1	8	3	2	6
2	1	3	6	5	7	8	4	9
1	8	2	9	3	6	4	5	7
7	3	4	5	2	1	6	9	8
5	6	9	8	7	4	1	3	2

## Welcome Dealers!

BE A MEMBER OF

**Fuller Life Natasha Red-Logo**  
**M&Co. Royale Business Club**

Avon, BBB Trading, Boardwalk, Cd Jeans, D.E.I, Dakki  
Edmark, Ever Bilena, F101, FX, Fern C, Hangten, LR,  
Mla, Memorial, Plan, MSE, Provident Plan,  
Personal Collection, Raffles, Sundance, St. Therese,  
Sophie Paris, Triumph, Usana, Venezia,  
Vita Plus, World Balance

Get **20 - 50%** Discount  
and Rebates

Join Now:

Contact: **MELANIE SIGUE**

Tels: 563-1707 / 567- 2518 upto 20

Cel: 0920-9618329

melanie\_sigue@yahoo.com





**BALIK-MINDORO...  
(Buhat sa Pahina 1)**

malugod na sinalubong ng mga taga-Kapitolyo, mga kaibigan at mga kamag-anak ang mga nagsipagdating. Hindi maitago ng mga balikbayan ang kanilang tuwa.

Mababanaag rin sa kanila ang pananabik sa muling pagtapak sa lalawigan ang kanilang pinagmulan.

Mula sa pier, hindi naitago ng mga ito ang pagkagulat at tuwa nang mismong sina Gobernador

Arnan C. Panaligan at Bise-Gobernador Maria Estela Felipa M. Aceron ang sumalubong sa kanila para sa isang maikling programa at masaganang pananghaliang inihanda sa kanila sa Kapitolyo.

Sinabi ni Bise-Gobernador Aceron na labis-labis na pinahalalagahan ng pamahalaang panlalawigan ang mga kontribusyon at tagumpay ng mga kababayang Mindoreño kaya isang ordinansa ang ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan at nilagdaan ni

Gobernador Arnan na nagdedeklara sa buwan ng Pebrero bilang Balik-Mindoro month.

“Ang Sangguniang Panlalawigan ay nagpasa ng SP Ordinance No. 005-2008 na nagde-deklara sa buwan ng Pebrero bilang Buwan ng Balik Mindoro. It was unanimously passed and approved by all the members of SP in just one day and what was extra significant was the fact that the governor signed it also on that day,” ayon pa kay Bise-Gobernador Aceron.

Ayon naman kay Gobernador Arnan, bukod sa pagkakataong muling makapiling ang mga mahal sa buhay na iniwan nila dito sa Oriental Mindoro, ang Balik-Mindoro ay oportunidad upang mamalas at maramdaman ng mga nagsipag-ibang bansa ang napakalaki nang pagbabago at pag-unlad sa lalawigan ang kanilang pinagmulan.

“Balik-Mindoro is an opportunity for all of you to touch base again with your relatives and friends. It is also an opportunity to see what has become the province after many years,” ayon naman sa kay Gobernador Arnan.

Naging bahagi rin ng programa ang pagtatalaga kay Francis Pangilinan na matagal nang naninirahan sa Toronto, Canada bilang governor of the day. Si Pangilinan ang naatasang umaktong pinakamataas na pinuno ng lalawigan, na ayon sa kanya, ay isang matagal na pangarap simula pa noong siya ay maliit na bata pa lamang.

Matapos ito, nagsalu-salo ang lahat sa isang masaganang pananghalian na naging daan upang ang bawat isa ay magpalitan ng kani-kanilang mga kwento at magbalik-tanaw sa kanilang mga nakaraan.

Nakiisa rin sa okasyon sina Roxas Mayor Jackson Dy, Bokal Abraham Abas, Secretary to the Sangguniang Panlalawigan Diwata Fetizanan at Governor’s Office-Special Concerns Unit Head Belen M. Icalina.

Kinagabihan, tuwang-tuwa rin ang lahat sa sayawan at tugtugan sa kahabaan ng J.P.Rizal, ang pangunahing lansangan ng syudad sa Mardi Gras ala Mindoro. Sa saliw ng Pandanggo sa Ilaw, nakisayaw ang mga balikbayan sa mga mag-aaral ng Victoria, San Teodoro at syudad ng Calapan. Sa kanilang bawat pag-imbay, tila isinasayaw sila pabalik sa mga nakalipas na panahon, pabalik sa mga panahon ng kanilang kabataan.

Kinabukasan, hindi pa rin natapos ang mga sorpesang handog ng Balik-Mindoro. Mula sa Calapan City Plaza, nag-motorcade ang mga balikbayan. Inikot ang mga pangunahing lansangan sa syudad. Hindi magkamayaw ang mga ito,



**Img bicam 030209a. Pag-IBIG Huddle.** Vice President and Chairman of the Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) Noli “Kabayan” De Castro stresses a point during the Bicameral Conference Committee Meeting on the amendments to the Charter of the Home Development Mutual Fund, otherwise known as the Pag-IBIG Fund. Among the Charter amendments are providing for the tax-exempt privilege of the Fund and authorizing the Board to set the contribution rates of members resulting in additional funds for the benefit of Pag-IBIG members. De Castro also pushed for the restoration of the phrase “invest not less than 70% of its investible fund to housing” in the amended Charter to realize the prospective law’s objectives of providing the Filipino citizens with sufficient shelter through the mobilization of funds for shelter finance. From left of the Vice President—Rep. Felix R. Alfeloro Jr., Chairman of the Congressional Committee on Government Enterprises, Rep. Amado S. Bagatsing, 5th District, Manila, Rep. Eduardo Zialcita, 1st District, Paranaque, Rep. Rodolfo G. Valencia, Chairman, Congressional Committee on Housing and Urban Development, Senator Edgardo Angara (seated), Chair, Committee on Banks and Financial Institutions, and Senate Majority Leader Senator Juan Miguel Zubiri.

nakalarawan sa kanilang mga mukha ang saya at tuwa sa pag-aalala sa mga dating mga lugar at mga istruktura na kanilang kinalakhan at pagkamangha sa napakalaki nang iniunlad ng syudad.

Pagkatapos nito, sinalubong ang ating mga balikbayan ng Brass Band ng Lemnahis para Pistang Bayan sa El Pueblo Rhizort sa Brgy. Mahal na Pangalan sa lungsod pa rin ng Calapan.

Mga katutubong awit at sayaw ang inihandog sa mga ito ng Pangkat Kawayan ng Lemnahis at ng Sinidamuyan ng Provincial Tourism Office. Masayang sinubukan ng ilan ang pagsayaw ng Tinikling.

Sari-saring pagkain ang inihandang pangmeryenda at pananghalian na matagal ding panahong hindi natikman ng mga ito tulad ng bibingka na galing sa Naujan, nilupak mula sa Baco, sinturis ng Victoria, lechon galing Pola at sugpo’t alimango mula sa bayan ng Roxas.

May mga parlor games din na inihanda upang malibang ang mga ito na pinangasiwaan ng Provincial Tourism Office.

Kilala ang mga Pilipino sa pagiging “hospitable” at ito ang nais ipadama sa ating mga kababayang nakibahagi sa programang Balik Mindoro ng Pamahalaang Panlalawigan ang binigyang-diin ng gobernador.

Nakiisa sa okasyon sina Bise-Gobernador Aceron, Board Member Romeo Infantado,

Victoria Mayor Alfredo Ortega, Jr., Calapan City Mayor Salvador Leachon, dating Assemblyman Rollo Ignacio, Provincial Human Resource Management Officer Elisa Paala at Ginang Belen Icalina.

Naroon din ang ilang kamag-anak, kaibigan at mga dating kaeskwela ng ating mga balikbayan. Isang napakalaking reunion ang nangyari at mababakas sa mukha ng bawat isa ang lubos na kasiyahan.

Suot ang kanilang makukulay at naggagandahang bestida at barong tagalog, dumalo ang lahat sa Grand Ball na siyang pinakahuling aktibidad nang dalawang araw na inihandang programa ng Pamahalaang Panlalawigan para sa ating mga Balik Mindoreños.

Malaking kasiyahan ang nararamdaman nating lahat dahil sa naging matagumpay ang kauna-unahang paglulunsad ng Balik Mindoro program, ang pahayag ni Gobernador Arnan. Aniya pa’y buong pagmamalaki ang nais niyang ipaabot sa ating mga balikbayan sapagkat hindi lamang nagtagumpay ang mga ito “in living the American dream” manapa’y malaki rin ang naiambag nila sa pag-unlad ng lalawigan.

Ayon kay Bise-Gobernador Aceron, nawa’y naging makabuluhan ang dalawang araw na inilagi ng mga ito sa lalawigan. Ang mga kwento ng kanilang mga pagpupunyagi at

pagsasakripisyo ay paalala sa atin na may kabutihang kapalit ang lahat ng ito.

Apektado man tayong lahat ng pandaigdigang krisis pang-ekonomiya ngunit ang maipapangako namin, may lalawiganang maunlad at payapa na naghihintay sa inyong lahat, ang paabot ni 1<sup>st</sup> District Representative Rodolfo Valencia.

Naging bahagi rin ng programa ang pagkilala sa mahalagang papel ni Gng. Juliet Palabyab, pangulo ng Mindoreños International na nakabase sa New York na siyang humikayat sa iba pang Mindoreño upang makiisa sa programa.

Outstanding Mindoreña Award ang ipinagkaloob kay Dr. Ninfa Medina-Saunders na tubong Calapan City at Executive Vice-President and Chief Operating Officer ng Virtua Health, ang pinakamalaking health system sa South Jersey sa kanyang pagkakatalaga bilang myembro ng Health Policy Advisory Committee ni US President Barack Obama.

Ang Balik-Mindoro ay pinangasiwaan ng Provincial Tourism Office sa pangunguna ni Senior Tourism Operations Officer Orlando B. Tizon. Inaasahang sa mga susunod na taon ay higit itong tatangkilin ng Mindoreño na nasa ibayong dagat.

## Tawa-Tawa Bulaklak ng Saya

**Kahit mahirap ang buhay dahil sa pandaigdigang krisis pangkabuhayan na nararanasan ngayon, harapin natin ang Taong 2009 na nakangiti.**

**Ano ang nauuna?**

Tanong: Ano ang mas mauuna pag nag lakad ang buntis?

Sagot: E, di nguso!

Tanong: Bakit?

Sagot: Buntis na aso, kasi.

**Pera sa text**

Gusto mo bang magkapera?

Just type

MAMAPENGERA

at i-send sa number

ng nanay mo. May

chance ka nang

magkapera, may

sermon ka pa!

**Kapamilya tutol**

Girl 1: Halata na ang tiyan mo, bakit di pa kayo magpakasal ng BF mo?

Girl 2: Ayaw ng pamilya niya eh!

Girl 1: Sinong ayaw, nanay o tatay niya?

Girl 2: Yung misis niya!

Girl 1: Yung misis niya!

**Computer**

Isang Mangyang student ang tumatakbo palabas ng computer lab.

Nakasalubong niya ang isa sa mga staff ng laboratory.

Staff: Bakit ka tumatakbo?

Student: Sabi ng computer, “press Ctrl then Escape!”

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

Staff: Sige balik, press mo Enter o Backspace.

hijacked a plane full of lawyers. They called down to ground control with their list of demands and added that if their demands weren’t met, they would release one lawyer every hour. (Ibigay agad. Kayo rin!)

**Tipid sa tubig**

Isang promdi ang umihi sa comfort room ng Calapan Port Terminal Building. Nabasa niya na ang inidoro ay di ginagamitan ng tubig. Pero walang panghe. Ito’y waterless system. Hinihimok ang mga umihi na magtipid sa tubig.

Nang maghugas siya ng kamay ay sira ang gripo. Walang tubig, pero patuloy pa rin niyang isinahod ang kanyang mga kamay. Nakita siya ng isang pasahero.

Paano mong huhugasan ang iyong mga kamay ay walang tubig?

Waterless system ito ‘no, buong pagmamalaki niyang sagot.

**Tikman mo ‘ko**

Bugtong: Kailangan ng katawan mo ang init ko. At tiyak hindi ka makakatulog kapag natikman mo ako. Sagot: Kapeng barako. (Laluna kung walang

asukal at creamer)

*U can send in ur jokes n dis corner.*